COVID-19: SUPPORT SCHEME PARA SA EMPLOYMENT/SELF-EMPLOYMENT

Mga Tala at Patnubay at Application Form Para sa mga Nagpapatrabaho

1 Background

Ang Coronavirus (kilala sa tawag na COVID-19) (ang **Virus**) ay nagkaroon, at patuloy na nagkakaroon ng isang pangunahing masamang epekto sa pampublikong kalusugan sa buong mundo. Alinsunod sa maraming pamahalaan, ang Gobeyrno ng Falklang Islands (FIG) ay nagsasagawa ng iba't ibang hakbang upang maiwasan ang Virus na maganap sa Falkland Islands at upang mabawasan ang mga epekto nito sakaling mangyari ito. Kabilang dito ang mga kahilingingan ng pamahalaan sa may mga sintomas ng Virus na ihiwalay ang sarili o i-self-isolate ang sarili sa loob ng labingapat (14) na araw o higit pa sa isang maingat na batayan (o sa loob ng tatlong (3) buwan o higit pa kung saan ang isang tao ay kasama sa isa sa mga kategorya ng mga vulnerable na indibidwal), at mga taong nauugnay sa taong maaaring may sintomas na maghiwalay sa sarili hanggang labingapat (14) na araw, o sinumang kasama sa mga hindi mahahalagang manggagawa na manatili sa bahay ng hanggang labingapat (14) na araw. Maaaring i-anunsyo ng FIG ang mga karagdagang hakbang sa hinaharap upang pahabin (o bawasan) ang mga kategorya ng mga taong napapailalim sa mga hakbang na ito, para dagdagan (o bawasan) ang kani-tagal ng panahon, o para gumawa ng mga pagbabago sa mga tuntunin o terms na tinukoy sa ibaba.

Kinikilala ng FIG na ang pagsunod sa polisiya at ang pagpapatupad ng tagal ng self-isolation o paghihiwalay sa sarili ay maaaring makapekto sa mga nagpapatrabaho (employers) ng mga apektadong tao, ang kanilang patuloy na pagtatrabaho, at ang mga kabuhayan ng mga taong self-employed. Para maibsan ang epekto nito, lumikha ang FIG ng magagamit na suporta na inilalarawan sa Section 2 sa ibaba sa ilalim ng Support Scheme para sa Employment/Self-Employment.

2 Mga Tuntunin o Terms ng Suporta

Sa ilalim ng Scheme, ang FIG ay magbibigay ng mga sumusunod na suporta, sa at napapailalim sa mga tuntunin na itinakda sa ibaba (mga **TUNTUNIN o TERMS**):-

2.1 *Uri ng Suporta*

- Mga Employers ng mga manggagawa na ini-require ng KEMH na mag-self isolate dahil sa sila ay may mga sintomas na nauugnay sa Virus, sa loob ng labingapat (14) na araw o higit pa at hindi makapagtrabaho mula sa bahay sa mga panahong iyon (batay sa paragraph 2.2(n) sa ibaba), ay kinakailangan na magpatuloy sa pagbabayad ng kanilang sahod o sweldo, at panatilihin ang iba nilang benepisyo bilang manggagawa, sa loob ng tagal ng self-isolation at sa rate na kahit katumbas ng suporta na matanggap ng employer sa ilalim ng Scheme (hindi alintana kung mga empleyado na kasama ditto ay may karapatan sa leave or sick pay).

- Ang mga employer na may karapatan na mabayaran ng FIG para sa Employment Costs (tulad ng tinukoy sa paragraph 2.2(e)(i) sa ibaba) ng bawat sa nasabing mga manggagawa ng maaaring may nakatakdang pinakamataas na halagang £1250 bawat empleyado para sa labingapat (14) na araw (o higit pa, tulad ng naksaad sa itaas) ng panahon ng isolation.

- Mga Employers ng mga manggagawa na ini-require ng KEMH na mag-self isolate dahil sa ang isa sa mga miyembro ng kanilang tahanan ay nagpapakita ng sintomas na nauugnay sa Virus at ini-require na mag self-isolate, o kung hindi man ay ini-require ng FIG na manatili sa bahay, na dahil sa Virus ay kasama sa listahan ng non-essential worker o hindi mahalagang manggagawa (batay sa paragraph 2.2(e)(iii) sa ibaba), ng hanggang labingapat (14) na araw at hindi makapagsagawa ng kanilang trabaho mula sa tahanan sa mga panahong iyon (na napapailalim sa paragraph 2.2(n) sa ibaba), ay kinakailangan na magtuloy sa pagbabayad ng kanilang sahod o sweldo, at panatilihin ang iba nilang benepisyo bilang manggagawa, sa loob ng tagal ng self-isolation at sa rate

na kahit katumbas ng suporta na matanggap ng employer sa ilalim ng Scheme (hindi alintana kung mga empleyado na kasama ditto ay may karapatan sa leave or sick pay).

- Mga Employers na may karapatang mabayaran ng FIG para sa Employment Costs ng bawat isang empleyado ng maaaring may nakatakdang pinakamataas na halagang £1,250 bawat empleyado para sa labingapat (14) na araw ng self-isolation o sa pananatili sa bahay.

- Mga employer ng mga empleyado na vulnerable o higit na nanganganib na ini-require ng KEMH na mag-self-isolate sa loob ng tatlong (3) buwan o higit pa at hindi makapagsagawa ng kanilang trabaho mula sa tahanan sa mga panahong iyon (batay sa paragraph 2.2(n) sa ibaba), ay kinakailangan na magpatuloy sa pagbabayad ng kanilang sahod o sweldo, at panatilihin ang iba nilang benepisyo bilang manggagawa, sa loob ng tagal ng self-isolation at sa rate na kahit katumbas ng suporta na matanggap ng employer sa ilalim ng Scheme (hindi alintana kung mga empleyado na kasama dito ay may karapatan sa leave or sick pay).

- Mga Employers na may karapatang mabayaran ng FIG para sa Employment Costs ng bawat isang empleyado ng maaaring may nakatakdang pinakamataas na halagang £2,500 bawat empleyado para sa bawat buwan sa panahon ng self-isolation.

- Mga Employers ng mga empleyado na Sole Carers (batay sa paragraph 2.2(e)(v) sa ibaba) ng isa o higit pang mga bata na ini-require ng KEMH na mag self-isolate sa loob ng labingapat (14) na araw o higit pa at hindi makapagsagawa ng kanilang trabaho mula sa tahanan sa mga panahong iyon (batay sa paragraph 2.2(n) sa ibaba), ay kinakailangan na magpatuloy sa pagbabayad ng kanilang sahod o sweldo, at panatilihin ang iba nilang benepisyo bilang manggagawa, sa loob ng tagal ng self-isolation ng sinuman sa kanilang mga anak (na napapailalim sa limit na siyamnapung (90) araw sa bawat isang kaso, tulad ng ibinatay sa paragraph 2.2(m) sa ibaba) sa rate na kahit katumbas ng suporta na matanggap ng employer sa ilalim ng Scheme (hindi alintana kung mga empleyado na kasama dito ay may karapatan sa leave or sick pay).

- Mga Employers na may karapatang mabayaran ng FIG para sa Employment Costs ng bawat isang empleyado ng maaaring may nakatakdang pinakamataas na halagang £2500 bawat empleyado para sa bawat buwan sa panahon ng self-isolation, para sa panahon na kung saan ang kahit siunuman sa mga anak ng manggagawa o empleyado ay nasa self-isolation (batay sa mga limit o hangganan na tinukoy sa itaas).

- Mga taong self-employed na ini-require ng KEMH na mag self-isolate dahil sa sila ay may mga sintomas na nauugnay sa Virus, sa loob ng labingapat (14) na araw o higit pa at hindi makapagtrabaho mula sa bahay sa mga panahong iyon (batay sa paragraph 2.2(n) sa ibaba), ay may karapatan na tumanggap ng isang kabuuan ng hanggang sa £1,250 para sa labingapat (14) na araw (o higit pa, tulad ng tinukoy sa itaas) sa panahon ng self-isolation.

- Mga taong self-employed na ini-require ng KEMH na mag self-isolate dahil sa ang isa sa mga miyembro ng kanilang tahanan ay nagpapakita ng sintomas na nauugnay sa Virus at ini-require na mag self-isolate, o kung hindi man ay ini-require ng FIG na manatili sa bahay, na dahil sa Virus ay kasama sa listahan ng non-essential worker o hindi mahalagang manggagawa ng hanggang labingapat (14) na araw at hindi makapagsagawa ng kanilang trabaho mula sa tahanan sa mga panahong iyon (na napapailalim sa paragraph 2.2(n) sa ibaba), ay may karapatang tumanggap ng hanggang sa £1,250 para sa hanggang labingapat (14) na araw sa panahon ng self-isolation o pananatili sa bahay.

- Mga vulnerable o nanganganib na taong self-employed na ini-require ng KEMH na mag self-isolate sa loob ng tatlong (3) buwan o higit pa at hindi makapagtrabaho mula sa bahay sa mga panahong iyon (batay sa paragraph 2.2(n) sa ibaba), ay may karapatan na tumanggap ng isang kabuuan ng hanggang sa £2,500 bawat buwan para sa panahon ng self-isolation.

- Mga taong self-employed na Sole Carers ng isa o higit pang mga bata na ini-require ng KEMH na mag self-isolate sa loob ng labingapat (14) na araw o higit pa at hindi makapagsagawa ng kanilang trabaho mula sa tahanan sa mga panahong iyon (batay sa paragraph 2.2(n), ay may karapatan na tumanggap ng isang kabuuan ng hanggang sa £2,500 bawat buwan para sa panahon na ang kahit sinuman sa kanilang mga anak ay nasa self-isolation.

2.2 *Karagdagang mga Tuntunin o Terms*

Ang mga sumusunod na karagdagang mga Tuntunin o Terms ay nalalapat sa suporta na ibinibigay sa ilalim ng Scheme:

Sa Pangkalahatan

(a) Ang Scheme na ito ay pinangangasiwaan ng Financial Secretary na may kasamang supporta ng Head of Finance (kasama ang **Scheme Administrator**)

(b) Ang Scheme ay magkakabisa sa at mula ika-19 ng Marso 2020; at ang mga Employers ay magkakaroon ng karapatan na gumawa ng claims mula sa petsa na ito.

(c) Ang mga pagbabayad sa ilalim ng Scheme ay gagawin kada buwan (o sa iba pang mga agwat bilang ang Scheme Administrator ay maaaring sumang-ayon sa isang case-by-case na batayan) at sa pamamagitan ng Account Payable System ng FIG (o sa ibang paraan na pwedeng tukuyin ng Scheme Administrator). Ang mga aplikante na hindi pa nakakapag-register sa Sistemang ito ay nangangailang mag kumpleto at magpasa sa FIG ng Scheme New Creditor Form. Para mapili, ang mga aplikante ay kailangan ding magpanatili ng isang current bank account sa Standard Chartered Bank sa Stanley.

(d) Ang bawat application para sa suporta sa ilalim ng Scheme ay dapat na ipasa sa loob ng tatlumpung (30) araw pagkatapos ng panahon ng self-isolation kung saan ito nauugnay.

(e) Para sa mga layunin ng Scheme:-

(i) Ang **Employment Costs** ay ang pinagsama-samang gastos ng pasweldo, pasahod, at iba pang benepisyong manggagawa na ibinayad sa manggagawa sa ilalim ng kanilang kontrata o iba pang mga termino ng pagtatarabaho (bilang pagsunod sa Employment Protection Ordinance ng 1989) sa kapangyarihan ng pagsisimula ng Scheme (batay sa paragraph 2.2(b) sa itaas);

(ii) Ang **KEMH** ay ang King Edward VII Memorial Hospital at/o ang Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Panlipunan; kung naaangkop;

(iii) Ang **Non-essential worker** o **hindi mahalagang manggagawa** ay ang sinuman na ang trabaho o negosyo ay hindi nabibilang sa sa loob ng kategorya ng mahahalagang trabaho na isinaad ng FIG sa pana-panahon;

(iv) Ang **Sole Carer** ay ang sinuman na may mag-isa o may prinsipal na responsibilidad sa pag aalaga ng bata na wala pang labing anim (16) na taong gulang at hindi nakakatanggap ng regular na malakihang suporta mula sa pagtanggal ng responsibiliad na ito sa kanilang asawa, ibang miyembro ng pamilya, o ibang mga tao, o sa mga naghahalinhinan ng responsibilidad sa pag-aalaga ng bata na may isa o higit pang mga indibidwal, na kung saan ang bawat isa sa kanila ay walang kakayahan o hindi makapagbigay ng suporta sa panahon ng self-isolation ng bata; at;

(v) Ang **vulnerable** o **higit na nanganganib** ay sinumang nasa edad 70 o higit pa, o may naitukoy na vulnerable o nanganganib ng KEMH sa account ng kahit anong pre-existing medical condition.

Mga Employers

(f) Ang mga sumusunod na uri ng employers ay walang karapatan na gumawa ng claims patungkol sa kanilang mga empleyado sa ilalim ng Scheme:-

(i) mga statutory na korporasyon at iba pang mga lupon na kung saan sila ay nakakatanggap ng regular at malaking subvention o pera sa gobyerno mula sa FIG (na kung saan ang subvention ay kasama sa proseso ng budget at ang tumatanggap nito ay nakapangalan sa aprubadong estima ng FIG);

(ii) Ang Museum and National Trust (bilang itinatag alinsunod sa Museum and Trust Ordinance ng 1991);

(iii) Mga gobyerno o pampublikong awtoridad ng mga bansa o teritoryo bukod sa Falkland Islands.

(iv) Mga employer na kung saan ang aktibidad ay buo o may malakihang ginagawa sa labas ng Falkland Islands;

(v) Mga employer na nakikipag-ugnayan sa Ministry of Defence (**MoD**) at ang kanilang mga sub-contractors (kasama, ng walang limitasyon, ang mga pinangalanan sa Taxes and Duties (Defence Contractor's Employees Exemption Order 2019), sa batay sa lawak na nakatuon at kaugnay na gawain ng MoD at sa mga saklaw ng employers, sub-contractors o kanilang mga empleyado ay tumatanggap ng suporta sa nauugnay sa Virus mula sa MoD o sa ibang sangay ng gobyerno o opisina ng UK sa mga tuntunin na may halintulad (sa paghuhusga ng Scheme Administrator) sa mga suporta na nasasailalim sa Scheme, kung makikita na ang mga employer o ang kanilang sub-contractors ay magkaroon ng karapatan na mag-apply sa ilalim ng Scheme, patungkol sa mga Empleydo na hindi karapat-dapat sa kahit anong suporta mula sa MoD o sa iba pang sangay o opisina ng Gobyerno ng UK.

(g) Para maging eligible o karapat-dapat Scheme na ito, ang bawat employer **(Employer)** ay dapat magsagawa ng patuloy na pagbabayad ng sahod o sweldo, at mapanatili ang iba pang mga benepisyo sa trabaho, ng mga empleyado na iginagawad ang supporta sa ilalim ng Scheme **(Empleyado o Mga Manggagawa)** sa rate na kahit katumbas ng halaga ng suportang ibibigay sa ilalim ng Scheme. Gayunpaman, ito ay walang pagkiling sa mga tungkulin ng employer upang mabayaran ang nasabing sahod, sweldo at benepisyo sa trabaho ng buo sa ilalim ng kontrata sa pagtatrabaho o sa ibang tuntunin ng pagtatrabaho ng manggagawa, kung saan ang Employer ay inaasahan na sumunod. Hindi dapat baguhin ng mga Employer ang kontrata sa pagtatrabaho ng Empleyado o mga tuntunin ng pagtatrabaho sa kadahilanan ng anumang panahon ng paghihiwalay sa sarili o self-isolation o iba ang dahilan na kaugnay sa operasyon ng Scheme o ng Virus.

(h) Sa paggawa ng application para sa suporta, ang bawat Employer ay kumakatawan at sumisiguro na ang lahat ng impormasyon na nakasaad sa application at ang kahit anong dokumento na kasama sa application o kung hindi man ibinigay na may kaugnay sa Scheme ay, sa abot ng kanilang kaalaman at paniniwala (at nagawa na ang lahat ng makatwirang mga katanungan), ay totoo, tama, napapanahon, at kumpleto.

(i) Ang mga pagbabayad na ibibigay sa mga Employers sa ilalim ng Scheme ay magiging kita sa buwis sa kamay ng Employer at mapapailalim sa kita o iba pang buwis alinsunod sa mga tuntunin o terms ng Taxes Ordinance (bilang susugan) at kahit anong kaugnay na batas sa pagbubuwis depende sa mga indibidwal na kalagayan ng Employer.

Mga Empleyado

(j) Ang suporta ay ibibigay lamang bilang paggalang sa mga Empleyado na nasa loob ng kategorya na inilarawan sa paragraph 2.1 sa itaas; at may kinalaman sa Employment Costs ng mg Empleyado sa panahon ng kanilang paghihiwalay sa sarili o self-isolation o sa pananatili sa bahay tulad ng tinutukoy sa paragraph 2.1.

(k) Ang suporta sa ilalim ng Scheme ay sasailalmi sa mga limitasyon na itinakda sa paragraph 2.1 sa itaas. Ang dami ng suporta sa loob ng mga limitasyon na nakatakda sa isang Employer patungkol

sa isang indibidwal na Empleyado ay matutukoy sa paghuhusga ng Scheme Administrator na magsasaalang-alang sa ilang mga factors, bilang dapat nilang i-kunsidera kung nauukol (kabilang ang, nang walang limitasyon, ang kabuuang bilang ng mga empleyado na nasa Employer na iyon, ang proporsyon ng mga empleaydo nito na papasok sa loob ng Scheme, at ang bilang ng mga oras na maaaring magawa ng isang Empleyado sa bahay bawat linggo).

(l) Sa kaganapan na ang isang Empleyado ay napapailalim sa higit sa isang panahon ng self-isolation o pananatili sa bahay na napapaloob sa paragraph 2.1, alinman sa labingapat (14) na araw, tatlong (3) buwan o iba pang panahong itinagal, ang Employer nila ay maaari lamang gumawa ng isang claim sa ilalim ng Scheme, sa pagsasalang-alang ng nasabing panahon.

(m) Sa pagpapayo ng KEMH o sa pagpapasya nito, ang FIG ay maaaring, ay manaka-nakang, patagalin (o bawasan) ang mga kategorya ng mga taong napapailalim sa mga hakbang o measures, na nakasaad sa paragraph 2.1, taasan (o bawasan) ang kani-tagal ng panahon na nakasaad sa paragraph 2.1, baguhin ang mga Terms o Mga Tuntunin, o hindi man ay gumawa ng mga pagbabago sa Scheme. Kung mangyari man na ang panahon ng self-isolation o pananatili sa bahay ay mabawan o mapahaba sa pag-uutos ng FIG o KEMH, ang Scheme Administrator ay may karapatan na bawasan o pahabain ang panahon ng suprta sa ilalim ng Scheme kung naaayon o magbigay ng suporta sa pro-rata na batayan, patingkol sa anumang mga nabawas na panahon. Ang anumang pagbabago ay maaaring maiparating sa mga indibidwal na Empleyor o Empleyado o sa pamamagitan ng pampublikong patalastas sa Gazette.

(n) Sa kaganapan na ang isang Empleyado ay may kakayahan (pisikal at sa kadahilanan ng pagkakaroon ng angkop na kagamitan at iba pang mga mapagkukunan o other resources) na magtrabaho at maglabas ng malaking bahagi ng kanilang mga tungkulin sa trabaho mula sa bahay, ang Employer ay walang karapatan na gumawa ng claim sa ilalim ng Scheme para sa kanila. Kung sila ay may kakayahan na magtrabaho mula sa bahay sa batayan ng bawas na oras lamang, ang Employer ay may karapatan na gumawa ng claim sa ilalim ng Scheme, bilang paggalang sa parte ng kanilang Employement Costs, bilang ang Scheme Administrator ang tutukoy sa kanilang pagpapasya.

(o) Ang Empleyado ay dapat na nagtatrabaho para sa kanayang Employer ng hindi bababa sa tatlumpung (30) araw bago ang pagsisimula ng kahit anong kaugnay na panahon ng self-isolation.

(p) Ang Empleyado ay dapat nagtatrabaho ng kahit pitong (7) oras bawat linggo para sa Employer na gumagawa ng claim para sa Empleyado.

(q) Para sa layunin ng Scheme, ang mga Empleyado na nasa kontratang zero-hours o kaswal na kontrata (sa paghuhusga ng Scheme Administrator) ay ituturing na self-employed.

(r) Ang bawat Empleyado ay dapat na may karapatan na tumira at magtrabaho sa Falkland Islands, at dapat na residente ng Falkland Islands sa loob ng panahon ng self-isolation o pananatili sa bahay alinsunod sa paragraph 2.1.

(s) Ang Employers ay dapat na magbigay ng deklarasyon (na nasa form na nakasaad sa Annex 2) na nakumpleto na nakumpleto at napirmahan ng bawat isang manggagawa, kasama ang kopya ng kanilang kontrata sa pagtatrabaho o terms of employment.

(t) Ang Employer ay maaaring gumawa ng claim para sa Empleyado na nagtatrabaho sa isa o higit pang mga employers (kasama ang FIG), kahit na ang isa o higit pang claims ay nagawa (o gagawin pa lamang) sa ilalim ng Scheme para sa isang Empleyado ng ibang mga employers. Katulad din, ang Employer ay maaaring gumawa nga claim para sa Empleyado na isa ring self-employed na nasa part-time basis, kahit na ang Empleyado ay gumawa o gustong gumawa ng claim para sa kanilang kapasidad bilang self-employed sa ilalim ng Scheme. Gayunpaman, sa kahit anong kaso, ang kabuuang suporta na ibibigay sa ilalim ng Scheme para sa Employee na iyon ay hindi dapat lumampas sa pinakamataas na nakatakdang halaga ng suporta na nakasaad sa paragraph 2.1.

(u) Ang mga pagbabayas na ginawa ng mga Employers sa mga Employees na pinondohan sa ilalim ng Scheme, ay ilalagay sa mga kabayaran, ay kita sa pagbubuwis sa mga kamay ng Empleyado ay dadaan sa pagbubuwis at iba pang pagbabawas (halimbawa, may kinalaman sa kontribusyon sa

pension) sa normal na paraan, depende sa indibidwal na kalagayan ng Empleyado. Dahil sa walang Employer na nangangailangang magbayad sa kanilang Empleyado ng sweldo, sahod, at iba pang benepisyo sa pagtatrabaho sa mas mataas na rate na na-aaplay sa o bago ang kahit anong kaugnay na panahon ng self-isolation, hindi ito inaasahan na ang pnanagutan ng buwis ng Empleyado ay tataas sa pamamagitan ng birtud o kabutuhan ng Scheme.

FIG

(v) Ang FIG ay may karapatan na mag-audit ng pagsunod ng Employer sa Mga Tuntunin o Terms ng hindi bababa sa tatlong araw ng pagtatrabaho o working days' na may paunang nakasulat na paunawa o notice sa Employer, at ang Employer ay dapat na magbigay sa FIG ng daan sa mga impormasyon, lugar, mga empleyado, at ahente, bilang sa makatwirang kahilingan ng FIG.

(w) Ang FIG ay may karapatan na kumuha ng patunay na ang Empleyado ay sumailalim sa panahon ng self-isolation sa pamamagitan ng pagtuoy sa kanilang mga medical o iba pang mga tala o records na pinapanatili sa KEMH o sa ibang kagawaran ng FIG; at may karapatan din na kumuha ng patunay ng kinikita ng Empleyado at iba pang benepisyo sa pagtatrabaho sa pamamagitan ng pagtuloy sa kanilang buwis at iba pang mga tala o records na pinapanatili sa FIG Tax Offcie o sa ibang kagawaran sa loob ng FIG.

(x) Sa kaganapan na ang Employer ay lumabag sa mga requirements ng Scheme o alinman sa mga gawain nito, o nagbigay ng maling impormasyon para sa layunin ng Scheme, o nakapaninlang o kung hindi man sa paglabag sa paragraph 2.2(h) sa itaas, ang FIG ay may karapatang ipabalik ang bayad ng anumang suporta na naibigay sa ilalim ng Scheme (ng buo o bahagi) at upang mabawi ang halagang iyon bilang isang utang na sibil o civil debt. Sa kaganapan na ang Employers ay tumanggap ng mas maraming suporta na mas mataas sa dapat nilang makuha sa Scheme, may karapatan ang FIG na mabawi ang anumang labis na pagbabayad mula sa nasabing Employer (o mga Employers, kung higit sa isa, at/o sa nasabing Empleyado na nasa kapasidad bilang isang Self-Employed na aplikante kung nauukol, sa mga proporsiyon na dapat isaalang-alang ng Scheme Administrator na naaangkop sa mga pangyayari). Ang anumang mapanlinlang na aktibidad na may kaugnayan sa Scheme ay maaaring sumilalim sa paglilitis na kriminal.

(y) Susuriin ng FIG ang operasyon ng Scheme o sa ika-29 ng Mayo 2020. Nang walang limitasyon sa pagsusuri na iyon, may karapatan ang FIG na ihinto ang Scheme sa kahit anong oras ng hindi bababa sa pitong araw mula sa pagbibigay-alam (na maaaring maiparating sa mga indibidwal na Empleyor o Empleyado o sa pamamagitan ng pampublikong patalastas sa Gazette).

3. Applications sa ilalim ng Scheme

Upang makakuha ng suporta sa ilalim ng Scheme, kailangan mong magpasa ng isang kumpletong application form na nakasaad sa **Annex 1**. Ang impormasyon na iyong ibibigay sa form na ito, sa kahit anong dokumento na isasama mo sa iyong application o kung hindi man may kaugnayan sa Scheme, ay magiging bahagi ng kasunduan na iyong pinasukan sa FIG na may kaugnayan sa Scheme. Dahil ang mga dokumentong ito ay legal na magbubuklod sa magtatagumpay na mga aplikante, pinapayuhan kang kumuha ng iyong sariling independent na legal na payo sa mga nilalaman, epekto, at mga implikasyon nito.

Sa pagpapasa ng isang application at/o pagtanggap ng kahit anong suporta sa ilalim ng Scheme, ikaw ay maituturing na tumatanggap at sumasang-ayon sa kinasasaklawan, ng mga Tuntunin o Terms at sa pamamagitan ng iyong mga pagpapahayag o declaration na nakapaloob sa iyong application.

Upang makatanggap ng suporta sa ilalim ng Scheme na ito, ang mga Employers ay nangangailangan na kumuha at magbigay ng pagpapahayag o declaration mula sa bawat isang Empleyado na nakasaad sa Annex 2 (orihinal o electronikong format kung naaangkop)

Kung ikaw ay may mga katanungan o nangangailangan ka ng tulong sa pag-kumpleto ng application form na ito, maaraing mag e-mail sa treasury.support@sec.gov.fk.

4. Ang Proseso ng Application

4.1 Para mag-apply para sa suporta sa ilalim ng Scheme na ito, maaring magpadala ng nakumpletong *"Application Form para sa Mga Employers"* sa Scheme Administrator sa paraan ng e-mail (treasury.support@sec.gov.fk, tulad ng sa itaas) o ipadala sa pamamagitan ng post sa Treasury, Secretariat, Stanley, Falkland Islands, FIQQ 1ZZ.

4.2 Ang application ay dapat na suportado ng isang declaration (na nasa form at nakasaad sa itaas) mula sa bawat isang Empleyado, kasama ang kopya ng kanilang kontrata sa pagtatrabaho o terms of employment, at isa ring nakumpletong Scheme New Creditor Form (kung naaangkop).

4.3 Ang mga applications ay maaaring ipasa sa kahit anong oras hanggang na makapagbigay ng abiso na wala nang karagdagang pondo na magagamit sa ilalim ng Scheme. Kailangan din ipagbigay-alam ng aplikante sa Scheme Administrator ang kahit anong pagbabago ng impormasyon na nakalagay sa kanilang application.

4.4 Ang mga application ay pag-aaralan ng Scheme Administrator na maaaring humiling at tumanggap ng karagdagang impormasyon o paglilinaw mula sa aplikante kung kinakailangan. Magsisikap ang Scheme Administrator na mag-desisyon sa isang application at ipapaalam ang kanyang desisyon sa lalong madaling panahon na ito ay maisagawa (at sa kahit anong pangyayari sa loob ng dalawampu't isang (21) araw) pagkatapos na matanggap ang aplikasyon.

ANNEX 1: EMPLOYMENT/SELF-EMPLOYMENT SUPPORT SCHEME

Application Form para sa Mga Employers

1. Mga Detalye mula sa Aplikante

Pangalan ng (mga) Aplikante	
Pangalan ng Trade o Negsoyo (kung naaangkop)	
Address ng Negosyo	
Numero ng Telepono	
Numero ng Mobile	
Email Address	
Address ng Bahay (kung naiiba sa itaas)	
Numero ng Telepono	
Numero ng Mobile	
Email Address	
Numero ng Kumpanya (kung naaangkop)	
Charity Number *(kung naaangkop)*	
Nakarehistrong Address ng Opisina (kung naaangkop at naiiba sa itaas)	
Tax Reference Number	
Uri ng Negosyo	

(Maaaring ipagpatuloy sa hiwalay na pahina kung kinakailangan)

2. Bank Details ng Applikante

Prinsipal na Bank Account sa Standard Chartered Bank, Stanley: - ***Account Name*** - ***Account Number***	

3. Mga Detalye ng Empleyado

Kabuuang Dami o Bilang ng mga Empleyado na gagawan ng claim mula sa Support:-_____

Patungkol sa bawat isang Empleyado:-

Pangalan	
Address	
Petsa ng Pagsisimula sa Pagtatrabaho	

Buwanang/Lingguhang Sweldo o Sahod	
Iba pang Benepisyo sa Pagtatrabaho	
Panahon ng Self-Isolation / Tagal ng pananatili sa bahay	
May kakayahan ba silang magtrabaho sa bahay?	**Oo / Hindi***
Kung gayon, kaya ba nilang makapagtrabaho sa dapat na bilang ng oras ng kanilang trabaho? ***Kung hindi, ilang oras kada araw/linggo kakayanin na makapagtrabaho sa bahay?***	
Siya o sila ba ay nag self-isolate para sa kanilang sarili o para sa isa o higit pang (mga) tao (kung isang bata sa kanilang pangangalaga o isa pang miyembro ng tahanan)?	
Siya o sila ba ay nag self-isolate para mga kadahilanang pangkalusugan o ini-require na manatili sa bahay bilang isang non-essential o hindi mahalagang manggagawa?	

***** Tanggalin kung kinakailangan

(Maaaring ipagpatuloy sa hiwalay na pahina kung kinakailangan)

4. Mga Kasamang Dokumento

Pakisama ang mga sumusunod na dokumento sa iyong application:-

Declaration o Pagpapahayag (sa form sa Annex 2) sa bawat isang Empleyado	
Kontrata sa Pagtatrabaho/Tuntunin o Terms ng Pagtatrabaho sa bawat isang Empleyado	
****Scheme New Creditor Form*** **ibibigay ng Employer na hindi pa nakarehistro sa Account Payable System ng FIG*	

5. Declarasyon o Pagpapahayag

Bilang pagsasaalang-alang sa pagbibigay ng suporta sa akin/ang applikante* sa ilalim ng Scheme na ito, ang nakapirma (bilang Employer/para at sa ngalan ng Employer* ng mga Empleyado na nakasaad sa Application Form na ito), ay nagpapatunay, tinatanggap, at magsasagawa (bilang Employer/ na bilang inawtorisado ng Employer na gawin ito sa ngalan niya*) na:-

*Tanggalin kung kinakailangan

Paunawa: Kung ipinahihiwatig na ibigay ang pagsasagawa nito sa ngalan ng Employer na nakapangalan sa itaas ng hindi ka awtorisado na gawin, ang nakapirma dito ay maaaring maging personal na managot sa anumang paglabad sa deklarasyon na ito

- Sa abot nag aking kaalaman at paniniwala/kaalaman at paniniwala ng aplikante* (pagkatapos maisagawa ang lahat ng mga makatwirang katanungan), ang lahat ng impormasyon na nakalagay sa application na ito at ang mga kasamang dokumento o kung hindi man ibinigay na may kaugnay sa Scheme ay totoo, tama, napapanahon, at kumpleto.

- Ako / Ang aplikante* ay may karapatan na mag-claim ng suporta bilang isang Employer sa Scheme na ito.

- Ako / Ang aplikante* ay susunod sa mga Tuntunin o Terms sa ngalan ng bawat isang Empleyado at sa pangkalahatan.

- Gagamitin ko/ng aplikante* ang kahit anong perang igagawad mula sa suporta sa akin/dito* sa ilalim ng Scheme na ito, sa pamamagitan ng pagbabayad ng mga Emplyment Costs ng mg Empleyado.

- Ang bawat Empleyadong nakalista sa application na ito ay nakakatugon sa mga pamantayan para sa isang Emplayado sa ilaiim ng Scheme na ito, tulad ng itinakda sa Mga Tuntunin o Terms.

- Naibigay ko/ng aplikante* sa application na ito ang kumpletong declaration o pagpapahayag (sa form sa Annex 2 sa ibaba) at napirmahan ng bawat Empleyado o manggagawa (orihinal o sa elektronikong format kung naaangkop), kasama ang kopya ng kanilang kontrata sa pagtatrabaho o terms of employment.

- Ang kahit anong bayad na aking matatanggap/na matatanggap ng aplikante* sa ilalim ng Scheme na ito ay kita sa buwis at dadaan sa kahit anong pagbubuwis bilang pagsunod sa mga tuntunin o terms ng Taxes Ordinance (bilang susugan) at kahit anong kaugnayan na batas sa pagbubuwis, depende sa aking indibidwal na kalagayan / sa indibidwal na kalagayan ng aplikante*.

- Kahit anong paglabag ko/ng aplikante* sa mga Tuntunin or Terms o requirements ng Scheme na ito o alinman sa mga gawain na nakasaad sa itaas, o sa pagbigay ko/ ng aplikante* ng maling o mapaninlang na impormasyon dito, o sa kaugnay nito, ang application na ito ay magbibigay karapatan sa FIG na ipabalik ang bayad ng anumang suporta na naibigay sa ilalim ng Scheme na ito (ng buo o bahagi).

(Mga) Pangalan:_____

**(Mga) Pirma:_____ Petsa:_____

* Tanggalin kung kinakailangan

**Ang mga dokumento ay maaaring pirmahan sa orihinal o sa elektronikong format kung naaangkop.

ANNEX 2: EMPLOYMENT/SELF-EMPLOYMENT SUPPORT SCHEME

Deklarasyon o Pagpapahayag ng Empleyado

Ako, na nakapirma dito, ay nagpapatunay ay magsasagawa ng mga sumusunod:-

- Ako ay pinagtatrabaho ni / ng*_____ at kasalukuyang patuloy na nagtatrabaho na lalampas sa tatlumpung araw bago ang panahon ng self-isolation o pananatili sa bahay.

*Paki kumpleto

- Ako ay nagtatrabaho at pinagtatrabaho ng may pitong oras kada linggo ng nasabing Employer.

- Ako may karapatan na manirahan at magtrabaho sa Falkland Islands, at residente sa Falkland Islands sa kabuuang panahon ng self-isolation o pananatili sa bahay.

- Ako ay ini-require ng KEMH na mag self-isolate sa loob ng labingapat (14) na araw / tatlong buwan / ibang panahon - * (ang **Period o Panahon**) **[*O*]*** Ako ay ini-require ng KEMH na mag self-isolate dahil ang isa sa mga miyembro ng aking tahanan ay nagpakita ng sintomas kaugnay sa Coronavirus at ini-require sila na mag self-isolate, o dahil ako ay ini-require ng FIG na manatili sa bahay, na dahil sa Virus ay itinuring na non-essential worker o hindi mahalagang manggagawa ng hanggang labingapat (14) na araw (ang **Period o Panahon**);

***** Tanggalin o pakitukoy kung kinakailangan

- Ako ay nag self-isolate o nanatili sa bahay sa loob ng nasabing Period o Panahon bilang pagsunod sa lahat ng gabay, [ayo, at sa paghihiling na inisyu ng FIG o KEMH sa paminsan-minsan.

- Sa loob ng nasabing Panahon, hindi ko naisagawa o nailabas ang malaking bahagi ng aking mga tungkulin sa trabaho mula sa bahay; nagawa koi to sa batayan ng bawas na oras lamang (bilang naipagbigay-alam sa Employer at tinuloy sa application nito).

- Ako ay bumalik/babalik (pwera na lamang kung hindi dahil sa pagkakasakit) sa aking pinagtatrabahuan sa nasabing Employer na binanggit sa itaas sa katapusan ng Period o Panahon.

- Kinumpirma ko sa Employer na nabanggit sa itaas kung nagtatrabaho rin ako para sa iba pang mga Employer; kung gayon man, naibigay sa Employer na nabanggit sa itaas, ang pangalan, address at paglalarawan ng bawat isa sa mga Employer na kung ako nagtatrabaho at nakumpirma, na sa aking pagkakaalam, kung ginawa man nila, o balak gumawa, ng anumang claim na may kinalaman sa akin sa ilalim ng Scheme.

- Kinumpirma ko sa Employer na nabanggit sa itaas kung ako ay self-employed sa basehan ng pagiginig part-time, at kung gayon, binigay ko sa Employer na nabanggit sa itaas ang pangalan ng aking negosyo at address sa kapasidad na iyon at nakumpirma kung ako ay gumawa/gagawa ng kahit anong claim na may kinalaman sa aking self-employment sa ilalim ng Scheme.

- Sa kabila ng mga probisyon ng Access to Health Records Ordinance ng 1995 o sa kahit anong may kaugnayang ligal, regulasyon o iba pang mga kinakailangan o patakaran, ako ay pumapayag sa pagsisiwalat ng aking mga tala ng kalusugan sa loob ng KEMH at mula sa KEMH sa kahit anong kagawaran ng FIG kung kinakailangan para patunayan ang claim na ginawa ng aking Employer sa ilalim ng Scheme.

- Sa kabila ng mga probisyon ng Taxes Ordinance 1997 (bilang susugan) o sa kahit anong may kaugnayang ligal, regulasyon o iba pang mga kinakailangan o patakaran, ako ay pumapayag sa pagsisiwalat sa detalye ng aking mga sweldo, sahod, at iba pang benepisyo sa pagtatrabaho at tax position sa loob ng FIG kung kinakailangan na para patunayan ang claim na ginawa ng aking Employer sa ilalim ng Scheme bilang paggalang sa akin.

(Mga) Pangalan:_____

**(Mga) Pirma:_____ Petsa:_____

* Tanggalin kung kinakailangan
**Ang mga dokumento ay maaaring pirmahan sa orihinal o sa elektronikong format kung naaangkop.